**VANCOUVER BOARD OF EDUCATION**
School District No. 39
OFFICE OF THE SUPERINTENDENT
1580 West Broadway
Vancouver, B.C. V6J 5K8
Telephone: 604-713-5000

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Ang mga guro o teacher ay piniling patindiin ang job action na nag-simula pa noong Setyembre. Ang bagong ruling nang Labour Relations Board (LRB) ay pinapayagang magwithdraw ng serbisyo o pagtuturo ang mga teacher nang hanggang tatlong araw sa loob ng unang linggo nang kanilang pag strike. Subalit kailangan nilang magbigay ng dalawang araw na notice o abiso bago mag strike. Sa pagsunod dito, ang BC Teachers' Federation (BCTF) ay nag-bigay na nang notice o abiso na sila ay may balak na mag strike nang tatlong araw na sisimulan sa Lunes, Marso 5, 2012.

Dahil sa strike, hindi sapat ang mga tauhan o staff na maaring mag supervise sa mga estudyante . Wala ring magtuturo sa mga klase. Para sa kaligtasan at siguridad nang inyong mga anak, hinihiling namin sa mga magulang na maghanap ng alternatibong child care o lugar na maaaring mapag-iwanan nang kanilang mga anak sa mga araw nang strike. Umaasa kami na babalik sa klase ang mga guro sa Huwebes, Marso 8, 2012. Hinihikayat namin na makinig kayo sa media. Sa ngayon hindi pa namin inaasahan na magkakaroon ng piket , kaya ang mga magulang ay maaring pumunta at makapasok sa loob ng eskwelahan.

Sisikapin namin na mabigyan kayo nang up-to-date na impormasyon. Hinihikayat ang lahat na makinig sa balita sa radyo o sa telebisyon o subaybayan ang website na www.vsb.bc.ca/district-news/job-action-information-and-updates

Ang job action na ito ay legal. Umaasa kami na ang strike na ito ay malulutas sa lalong madaling panahon upang makapagpatuloy tayo sa pagsuporta sa pagtuturo at pag-aaral. Salamat sa inyong pag-unawa.

Sumasainyo,

Steve Cardwell
Superintendent of School/CEO

c: Trustees